# Sa isang kagipitan, tumawag sa Triple Zero (000)

Upang makontak ang pulis, bumbero o ambulansya sa isang kagipitan tumawag sa Triple Zero (000) mula sa anumang telepono sa Australlia. Ang mga tawag ay libre.



# 000

# EMERGENCY



**Kailan maaaring tumawag sa Triple Zero (000)**
Dapat ka lamang tumawag sa Triple Zero (000) kung ikaw ay nasa mga kalagayang nanganganib ang buhay o nasa kritikal na sitwasyon kung kailan kinakailangan ang kagyat na pagtugon mula sa pulis, bumbero o ambulansya.

**Ano ang mangyayari kung ako ay tatawag sa Triple Zero (000)?**
Tatanungin ng opereytor kung anong serbisyong pangkagipitan ang kailangan mo—pulis, bumbero o ambulansya—at ikaw ay ikokonekta. Maaari ding tanungin ng opereytor kung saan ka tumatawag.

**Paano kung ako ay nahihirapang magsalita ng Ingles?**
Kung ikaw ay nahihirapang magsalita ng Ingles, maaari kang humiling ng interpreter kapag ikaw ay nailipat na sa iyong hiniling na serbisyong pangkagipitan. Hindi ka kailangang magbayad para sa interpreter.

**Kapag ikaw ay tumawag sa Triple Zero (000), manatiling kalmado, manatili sa linya at sagutin nang malinaw ang mga tanong ng opereytor.**

www.**triplezero**.gov.au

Australian Government
acma
Australian Communications and Media Authority